Diabetic Retinopathy

Diabetic retinopathy is an eye problem that can cause blindness. It occurs when high blood sugar damages small blood vessels in the back of the eye, called the retina. All people with diabetes are at risk for this problem. There are things you can do to reduce your risk and prevent or slow vision loss.



Diabetic retinopathy can affect both eyes. You may not have any signs at first. As it worsens, blood vessels weaken and leak blood and fluid. As new blood vessels grow they also leak causing blocks in your vision.

Signs of Diabetic Retinopathy

- Floating spots in your vision
- Blurred vision
- Blocked or hazy vision

Problema sa mata dahil sa pagkasira ng mga ugat na daluyan ng dugo sanhi ang Diyabetis (Diabetic Retinopathy)



Ang problema sa mata dahil sa pagkasira ng mga ugat na daluyan ng dugo sanhi ang diyabetis (diabetic retinopathy) ay isang karamdaman na maaaring magdulot ng pagkabulag. Nangyayari ito kapag nasisira ang mga maliliit na daluyan ng dugo sa likod ng mata, na tinatawag na retina, dahil sa mataas na asukal sa dugo. Lahat ng taong may diyabetis ay nanganganib na magkaroon ng ganitong problema. May mga bagay kayong magagawa upang mabawasan ang panganib ninyo at mapigilan o mapabagal ang pagkawala ng paningin.

Maaaring apektuhan ng karamdamang ito (diabetic retinopathy) ang dalawang mata. Maaaring wala kayong mga palatandaan sa umpisa. Habang lumalala ito, humihina ang mga daluyan ng dugo at tumatagas ang dugo at likido. Habang nagkakaroon ng mga bagong daluyan ng dugo, tumatagas din ang dugo at likido mula sa mga ito at nagdudulot ng pagbara sa inyong paningin.

Mga Palatandaan ng problema sa mata dahil sa pagkasira ng mga ugat na daluyan ng dugo sanhi ang diyabetis (diabetic retinopathy)

- Lumulutang na mga bagay sa inyong paningin
- Malabong paningin
- Nabarahan o malabong paningin

Your Care

To help reduce your risk of vision loss:

- Keep your blood sugar levels well controlled. This is one of the best ways to protect your vision. Work with your doctor, nurse and dietitian.
- Keep your blood pressure and blood cholesterol levels normal. You may need to take medicine.
- Have an eye exam each year by an eye specialist that includes eye dilation. An eye exam can detect early changes before you have any signs.
- Call your doctor if you have any changes in your vision.

There is no cure for diabetic retinopathy, but laser treatment or surgery may be done to prevent or slow vision loss.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns.

11/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center, and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.

Ang Pangangalaga sa Inyo

Upang mabawasan ang panganib ng pagkawala ng inyong paningin:

- Panatilihing kontrolado ang dami ng asukal sa inyong dugo. Isa ito sa pinakamahusay na paraan upang mapangalagaan ang inyong paningin. Makipagtulungan sa inyong doktor, nars o tagapagpayo tungkol sa pagkain (dietitian).
- Panatilihing normal ang presyon ng inyong dugo at ang bilang ng kolesterol sa inyong dugo. Maaaring kailanganin ninyong uminom ng gamot.
- Pumunta bawat taon sa isang espesyalista at sumailalim sa pagsusuri sa mata, kasama ang pagbukas ng mata. Maaaring makita ng pagsusuri sa mata ang mga nag-uumpisang pagbabago bago kayo magkaroon ng mga palatandaan.
- Tawagan ang inyong doktor kung may anumang pagbabago sa inyong paningin.

Walang gamot para sa diabetic retinopathy, ngunit maaaring isagawa ang paggamot sa pamamagitan ng liwanag (laser treatment) o pag-opera (surgery) upang mapigilan o mapabagal ang pagkawala ng paningin.

Kausapin ang inyong doktor o nars kung mayroon kayong mga katanungan o alalahanin.

11/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center, and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.